
2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 6:
## Salitang-ugat



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 6: Salitang-ugat**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Mildred N. Montañez

**Editor:** Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagasuri:** Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Marie Ann C. Ligsay PhD

**Tagaguhit:** Mildred N. Montañez

**Tagalapat:** Cristina T. Fangon

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor P. Nuesca EdD
Merlinda T. Tablan EdD
Ellen C. Macaraeg EdD
Elena V. Almario

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ________________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 8
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 6:
## Salitang-ugat

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Ikalawa na Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Salitang-ugat!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka ng gurong tagapagdaloy na matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto ng mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang ika -21 siglong mga kasanayan habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Salitang-ugat!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng  gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## *Alamin*

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makapagyayaman ng talasalitaan sa pamamagitan ng paghanap ng maikling salitang matatagpuan sa loob ng mahabang salita at bagong salita mula sa salitang-ugat.



## *Subukin*

Panuto: Piliin at isulat sa sagutang papel ang salitang-ugat na matatagpuan sa mahabang salitang nakasulat.

1. nagyayaan
   - aya
   - yaya
   - maya
   - kaya
2. tindahan
   - tinda
   - ahan
   - inda
   - dahon
3. kagubatan
   - gubat
   - agub
   - bata
   - ata
4. kaligtasan
   - kali
   - tasan
   - iatas
   - ligtas
5. mabilisan
   - isa
   - bilis
   - lisa
   - lisan

| Aralin 6 | Salitang-ugat |
| --- | --- |

Alam mo bang mula sa mahabang salita ay maaari tayong makahanap o makabuo ng maikling salita? Iyan ang ituturo sa iyo ng araling ito.

Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging palabasa. Sa bawat babasahin na ating binabasa tulad ng salaysay, kuwento at iba pang babasahin ay may mga maikling salita na nakapaloob sa mahabang salita na tinatawag nating salitang- ugat. Dapat mo itong malaman at maunawaan.

## *Balikan*

Panuto: Pagsamahin ang mga pantig upang makabuo ng salita. Isulat sa sagutang papel ang nabuong salita.

| | | | |
| --- | --- | --- | --- |
| ma | da | li | |
| ku | ma | in | |
| nag la | | ba | |
| u | ma | wit | |
| su | ma | yaw | |

## *Tuklasin*

Naranasan mo na bang magbakasyon? Saan- saan ka na ba nakarating? Basahin natin ang kuwento at alamin kung katulad ka rin ng mga tauhan.

Panuto: Basahin ang kuwento at unawain itong mabuti.

### Ang Bakasyon ng Magkapatid



Sabado, maagang nagising ang magkapatid na Ely at Joy. Masaya sila dahil ito ang unang pagkakataon na magbabakasyon sila sa probinsiya ng kanilang lolo at lola. “Natutuwa ako dahil makakadalaw na tayo kina lolo at lola,” ang sabi ni Joy.

“Handa na ba kayo mga anak?” tanong ng ama.

“Opo!” sagot ng magkapatid. “Tara na, upang maaga tayong makarating sa ating patutunguhan,” sambit ng kanilang ama.

Masaya silang sumakay nang dumating ang pampasaherong bus. Habang naglalakbay, nakita nila ang kagandahan ng kapaligiran.

Nakarating sila sa probinsya nang ligtas. Agad na pumasyal ang magkapatid sa bukirin ng kanilang lolo at lola.

Naging masaya ang naging bakasyon ng magkapatid.

## *Suriin*

Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga tanong tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang letra ng iyong sagot.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?

a. Ely at Joy    b. tatay at nanay    c. Ely at Mhel

2. Saan pupunta ang magkapatid?

a. sa Maynila    b. sa bukid    c. sa probinsiya 3. 3. Ano ang gagawin nila sa probinsiya?

a. maglalaro   b. magbabakasyon   c. maliligo sa dagat

4. Anong damdamin ang ipinakita ng magkapatid sa kuwento?

a. malungkot    b. masaya    c. galit

5. Ano ang nakita ng magkapatid habang naglalakbay?

a. kagandahan ng kapaligiran
b. kagandahan ng bundok
c. umaandar na bisikleta

Heto ang ilan sa mga salitang ginamit sa binasa mong kuwento. Basahin ang mga ito.


**magbabakasyon, makakadalaw, naglalakbay, magkapatid, kagandahan**

Mula sa mga mahahabang salitang nabanggit ay maaari tayong makahango ng payak o salitang-ugat. Gaya ng **bakasyon**, **dalaw, lakbay, kapatid, ganda**



***Mga Tala para sa Guro***


Gabayan ang mag-aaral sa pagsagot sa mga Pinatnubayang Pagsasanay.




# Pagyamanin

## Pinatnubayang Pagsasanay 1


<u>Panuto</u>: Tignan ang larawan. Isulat sa sagutang papel ang pangalan ng larawan at salungguhitan ang salitang ugat.

1.  kaarawan

2.  palaisdaan

3.  kabahayan

4.  panglimahan

5.  kabundukan

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

Panuto: Guhitan ang salitang-ugat sa loob ng panaklong na makikita sa mahabang salita.

1. mabilisan ( abil, bilis, malis )
2. natahimik ( atam, tahim, tahimik )
3. madalian ( dali, mada, alian )
4. kahusayan ( sayan, kahuy, husay )
5. pahalagahan ( pahal, halaga, agan )

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang salitang-ugat na nakapaloob sa mahabang salitang nakatala.

1. kalikasan

2. pinagsabihan

3. kaarawan

4. kagandahan

5. kaputian

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

Panuto: Kopyahin ang sumusunod na salita at bilugan ang salitang-ugat.

1. nahihirapan

2. naglalampaso

3. lumalakad

4. kinakausap

5. lumilikas

## Malayang Pagsasanay 1

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang kahon ng salitang-ugat na makikita sa mahabang salita.

1. kagubatan
   - ☐ atan
   - ☐ gubat
   - ☐ kagub

2. kalinisan
   - ☐ kalin
   - ☐ isan
   - ☐ inis

3. nagpapagupit
   - ☐ gupit
   - ☐ pagup
   - ☐ upit

4. lumilipad
   - ☐ milip
   - ☐ lumi
   - ☐ lipad

5. nagtotroso
   - ☐ totro
   - ☐ troso
   - ☐ agto

## Malayang Pagtatasa 1

Panuto: Isulat ang salitang-ugat ng salitang may guhit

1. Mabilis na naggapangan ang mga batang iskawt.

2. Ang mga baso ay dapat na hinuhugasang mabuti upang di maging malansa ang amoy.

3. Nagulat si Mang Jose sa mga nagtatakbuhang bata.

4. Nagmadaling lumakad si Ana dahil dumidilim na sa paligid.

5. Nagpapahinga sa ilalim ng punong mangga si Caloy nang makarinig siya ng malakas na putok.

## Malayang Pagsasanay 2

<u>Panuto</u>: Lagyan ng ✓ kung tama ang may guhit na salitang- ugat sa pangungusap at ✗ kung hindi.

1. Nag<u>mada</u>li si Ed dahil tanghali na.
2. Nagpa<u>salamat</u> siya sa kanyang kapatid.
3. Nakapag<u>bakasyon</u> ka na ba sa probinsiya?
4. Bigla siyang na<u>pata</u>yo nang tumunog ang bell.
5. Nagsi<u>simba</u> ka ba tuwing Linggo?

## Malayang Pagtatasa 2

Panuto: Isulat sa kahon ang salitang-ugat ng bawat salita.

1. umalis
2. paglalakbay
3. kaligtasan
4. mabilisan
5. Maglinis

# *Isaisip*

Ang payak na salita sa isang mahabang salita ay tinatawag nating salitang-ugat.

Ang salitang-ugat ay makikita sa mahabang salita dahil ito ay dinagdagan na ng panlapi.

Ang pag-unawa sa binasa ay isang paraan upang makilala natin ang salitang-ugat na nakapaloob sa mahabang salita.

Punan ang sumusunod na talahanayan.

| Magtala ng tatlong natutuhan sa aralin? Gaano kahalaga sa iyo ang mga ito?Lagyan ng tsek ang sagot. | Gaano ito kahalaga sa iyo? | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |

# *Isagawa*

Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon. Piliin ang letra ng wastong sagot.

1. Naglalakad kayong magkaibigan. Walang ano-ano bigla kayong hinabol ng aso. Aling payak na salita ang maaari mong sabihin?
   a. Tumakbo ka.
   b. Takbo.
   c. takbo nang takbo

2. Naghahanda ang nanay mo ng pananghalian ninyo. Naamoy mo ang iniluluto niya. Anong maikling salita ang mababanggit mo?
   a. sarap
   b. amoy masarap
   c. ang sarap-sarap

3. Naliligo kayong magkakapatid sa dagat. Di nagtagal may nakita kang papalapit na dikya. Anong maikling salita ang sasabihin mo?
   a. lumangoy kayo
   b. langoy nang langoy
   c. langoy

4. Humanga ka sa likhang sining ng iyong kamag-aral. Anong maikling salita ang masasabi mo?
   a. Galing
   b. ang galing-galing
   c. napakagaling

5. Kasalukuyan kang kumakain ng dumating ang kaibigan mo. Paano mo siya aalukin sa maikling salita lamang?
   a. Kumain ka.
   b. Kakain ka?
   c. Kain.

## *Tayahin*

<u>Panuto</u>: Piliin at lagyan ng ☆ ang salitang-ugat na nakapaloob sa mahabang salita sa bawat bilang.

1. isinasama
   - ☐ isin
   - ☐ inas
   - ☐ sama

2. magsisisakay
   - ☐ sakay
   - ☐ sikay
   - ☐ masi

3. nagsusuklay
   - ☐ uklay
   - ☐ sukla
   - ☐ suklay

4. tinataniman
   - ☐ tanim
   - ☐ iman
   - ☐ anima

5. magkakasabay
   - ☐ asab
   - ☐ akas
   - ☐ sabay

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na mga salitang-ugat.

1. Yaman
2. Bait
3. Bilang
4. Sayaw
5. turo

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Suriin | |
|---|---|---|---|
| 1. yaya<br>2. tinda<br>3. gubat<br>4. ligtas<br>5. bilis | 1. madali<br>2. kumain<br>3. naglaba<br>4. umawit<br>5. sumayaw | 1. A<br>2. C<br>3. B<br>4. B<br>5. A | |
| **Pagyamanin** | | | |
| **Pinatnubayang Pagsasanay 1**<br>1. araw<br>2. isda<br>3. bahay<br>4. lima<br>5. bundok | **Pinatnubayang Patatasa 1**<br>1. _bilis<br>2. tahimik<br>3. dali<br>4. husay<br>5. halaga | **Pinatnubayang Pagsasanay 2**<br>1. likas<br>2. sabi<br>3. araw<br>4. ganda<br>5. puti | **Pinatnubayang Pagtatasa 2**<br>1. hirap<br>2. lampaso<br>3. lakad<br>4. usap<br>5. likas |
| **Malayang Pagsasanay 1**<br>1. gubat<br>2. linis<br>3. gupit<br>4. lipad<br>5. troso | **Malayang Pagtatasa 1**<br>1. bilis<br>2. lansa<br>3. gulat<br>4. lakad<br>5. lakas | **Malayang Pagsasanay 2**<br>1. ×<br>2. ✓<br>3. ✓<br>4. ×<br>5. ✓ | **Malayang Pagtatasa 2**<br>1. alis<br>2. lakbay<br>3. ligtas<br>4. bilis<br>5. linis |
| **Isaisip**<br>(Suriin ang sagot ng mag-aaral sa pagbuo ng kaniyang natutunan sa aralin at kung gaano ito kahalaga) | **Isagawa**<br>1. B<br>2. A<br>3. C<br>4. A<br>5.C | **Tayahin**<br>1. sama<br>2. sakay<br>3. suklay<br>4. tanim<br>5. sabay | **Karagdagang Gawain**<br>(Suriin ang pangungusap na isinulat ng mga mag-aaral) |

## *Sanggunian*

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Kagamitan Ng Mag-aaral*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

Garcia, Nilda S., Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, and Estrella C. Cruz. 2013. *Ang Bagong Pinoy Filipino 2 Patnubay ng Guro*. Pilipinas: Rex Book Store Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph